Para sa mga Aplikante ng Mataas na Paaralan at iba pang Scholarships sa Prepektura ng Mie

1 Mangyaring alamin ang layunin ng Scholarship

Ang mga scholarship ay sistema ng pagpapahiram para sa mga mag-aaral na **may pagnanais makapag-aral**, subalit gustuhin man ay nahihirapan makaaral (pang-ekonomiyang kadahilanan) sa mataas na paaralan at kolehiyo.

2 Ang scholarship ay isang sistema ng "pagpapahiram"

Sa pamamagitan ng scholarship, ang mag-aaral ay maaaring humiram sa Prepektura ng Mie. Dahil dito, pagkatapos ng pag-aaral, kinakailangang isauli ang buong halagang natanggap na pagpapahiram bilang natakdang patakaran.

Ikaw mismo bilang mag-aaral, at hindi ang mga magulang o tagapag-alaga, ang tumatanggap ng scholarship. Kaya ukol sa pagsasauli, mangyaring intindihin na ikaw mismo bilang mag-aaral, kapag nakapagtapos mula sa mataas na paaralan (o unibersidad, kolehiyo, atbp.), at makakahanap ng trabaho ang mismong magsasauli mula sa iyong sariling suweldo.

Ano ang mangyayari sa pagkakataong hindi pagsunod sa pagsasauli ng hiniram?

Magsasagawa ng legal na aksyon hindi lamang sa mag-aaral, kung hindi pati sa magulang o tagapag-alaga, kasama na ang mga nag garantiya para sa mag-aaral, at ipapasauli ang kabuuang halaga na hiniram at bilang karagdagan, mga parusang halaga at interes sa pagaantala ng kabayaran.